

Pagtuklas ● Pag-unawa ● Pagtugon



BIBLE STUDY

Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

SMALL GROUP SESSIONS

Pebrero 27-Marso 5, 2022



Kamuning Bible Christian Fellowship



Mga Gawa 5:1 - 16 at I Corinto 11:17 - 34

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay




PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON



Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

Si Ananias at Safira


1 Subalit mayroong mag-asawa na nagbenta ng kanilang ari-arian; Ananias ang pangalan ng lalaki at Safira naman ang babae. 2 Hindi ibinigay ni Ananias sa mga apostol ang buong pinagbilhan na sinang-ayunan naman ng kanyang asawa. Isang bahagi lamang ang kanyang ipinagkatiwala sa mga apostol.



Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


3 Kaya't sinabi ni Pedro, "Ananias, bakit ka nagpadala kay Satanas at nagsinungaling ka sa Espiritu Santo? Bakit mo binawasan ang pinagbilhan mo ng lupa? 4 Bago mo ipinagbili ang lupa, hindi ba iyo iyon? At nang maipagbili na, hindi ba iyo rin ang pinagbilhan? Bakit mo naisipang gawin iyon? Hindi ka sa tao nagsinungaling kundi sa Diyos."



Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

5 Nang marinig ito ni Ananias, siya'y nalagutan ng hininga at bumagsak, at lahat ng nakabalita sa pangyayaring iyon ay pinagharian ng matinding takot. 6 Lumapit ang ilang binata, binalot ang bangkay, at siya'y inilibing.




Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

7 Pagkaraan ng may tatlong oras, dumating naman ang kanyang asawa na walang kamalay-malay sa nangyari. 8 Kinausap siya ni Pedro, "Sabihin mo sa akin, ito nga ba lamang ang kabuuang halagang pinagbilhan ninyo ng inyong lupa?"

"Opo, iyan lamang," sagot ng babae.



Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

9 Kaya't sinabi sa kanya ni Pedro, "Bakit nagkaisa kayong subukin ang Espiritu ng Panginoon? Hayan! Kadarating pa lamang ng mga naglibing sa iyong asawa, at ikaw naman ngayon ang isusunod nila!"

10 Noon di'y nabuwal si Safira sa paanan ni Pedro at namatay. Pagpasok ng mga binata, nakita nilang patay na siya kaya't inilibing siya sa tabi ng kanyang asawa. 11 Nakadama ng matinding takot ang buong iglesya at ang lahat ng nakabalita nito.




Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

Ang Pagpapagaling sa mga Maysakit


12 Maraming himalang ginawa ang mga apostol, na pawang nasaksihan ng mga tao. Sa Portiko ni Solomon nagtitipon ang mga mananampalataya, 13 ngunit natatakot sumama sa kanila ang mga di mananampalataya, kahit na pinupuri sila ng mga ito.



Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


14 Samantala, parami nang parami ang mga lalaki at babaiing sumasampalataya sa Panginoon. 15 Dinadala sa mga lansangan ang mga maysakit at inilalagay sa mga papag at banig upang pagdaan ni Pedro ay matamaan man lamang ng kanyang anino ang ilan sa kanila.



Mga Gawa 5:1 - 16

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

16 Dumating din ang maraming tao mula sa mga karatig-bayan ng Jerusalem, dala ang kanilang mga maysakit at mga pinapahirapan ng masasamang espiritu; at gumaling silang lahat.




I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

Mga Maling Pagsasagawa ng Banal na Hapunan

17 Tungkol sa mga babanggitin ko ngayon, hindi ko kayo maaaring purihin dahil ang inyong pagtitipon ay hindi nakakabuti, subalit nakakasama. 18 Una sa lahat, nabalitaan ko na kayo'y nagpapangkat-pangkat sa inyong pagtitipon, at ako'y naniniwalang may katotohanan iyan.




I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

Mga Maling Pagsasagawa ng Banal na Hapunan


19 Talaga namang magkakaroon ng pagkakabaha-bahagi sa inyo upang makilala kung sino sa inyo ang mga tapat.
20 Kaya't sa inyong pagtitipon, hindi Banal na Hapunan ng Panginoon ang kinakain ninyo.



I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

21 Sapagkat ang bawat isa sa inyo'y nagmamadali sa pagkain ng kanyang sariling pagkain, kaya't nagugutom ang iba at ang iba nama'y nalalasing. 22 Wala ba kayong sariling bahay upang doon kumain at uminom? Hindi ba ninyo pinapahalagahan ang iglesya ng Diyos at hinihiya ninyo ang mahihirap? Ano ang gagawin ko ngayon? Pupurihin ko ba kayo dahil sa bagay na iyon? Hinding-hindi ko gagawin iyon!




I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

Ang Banal na Hapunan


23 Sapagkat ito ang turo na tinanggap ko mula sa Panginoon at ibinigay ko naman sa inyo: noong gabing siya'y ipagkanulo, ang Panginoong Jesus ay dumampot ng tinapay, 24 nagpasalamat at pinagpirasaso iyon, at sinabi, "Ito ang aking katawan na inihahandog para sa inyo. Gawin ninyo ito bilang pag-aalaala sa akin."



I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


25 Matapos maghapunang, dumampot din siya ng kopa at sinabi, "Ang koping ito ang bagong tipan na pinagtatibay ng aking dugo. Tuwing iinumina ninyo ito, gawin ninyo bilang pag-aalaala sa akin." 26 Sapagkat tuwing kakain kayo ng tinapay na ito at iinom sa koping ito, ipinapahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa kanyang muling pagparito.



I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


27 Kaya, ang sinumang kumakain ng tinapay at umiinom sa kopa ng Panginoon sa paraang di nararapat ay nagkakasala sa katawan at dugo ng Panginoon. 28 Kaya't dapat siyasatin ng tao ang kanyang sarili bago siya kumain ng tinapay at uminom sa kopa.



I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)


29 Sapagkat ang sinumang kumakain at umiinom nang hindi kinikilala ang kahalagahan ng katawan ng Panginoon ay kumakain at umiinom ng kahatulan laban sa kanyang sarili. 30 Iyan ang dahilan kung bakit mahihina at sakitin ang marami sa inyo, at may ilan ngang namatay na.



I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

31 Kung sisiyasatin natin ang ating sarili, hindi tayo hahatulan ng Panginoon. 32 Ngunit hinahatulan tayo ng Panginoon dahil itinutuwid niya tayo, upang hindi tayo maparusahang kasama ng sanlibutan.



I Corinto 11:17-34

Magandang Balita Biblia(MBBTAG)

33 Kaya nga, mga kapatid, kapag nagkakatipon kayo upang kumain, maghintayan kayo. 34 Kung may nagugutom, kumain na muna siya sa bahay upang hindi humantong sa hatol na kaparusahan ang inyong pagtitipon. Tungkol naman sa ibang mga bagay, saka ko na aayusin pagdating ko rian.



MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

“Dahil ang ating Diyos ay banal, lumapit tayo sa Kanya nang may tapat na pusong malaya sa pagkukunwari, kasakiman at panlilinlang.”

QUESTION 1

Ano ang mga pangunahing isyu na matatagpuan sa parehong Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34?



Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 -
PAGTUKLAS

QUESTION 2

Ano ang kinahinatnan ng mga pagkilos nina Ananias at Safira? Paano ito nakakaapekto sa simbahan?



Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAGTUKLAS

QUESTION 3

Ano ang babala ni Pablo sa simbahan ng Corinto?

Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAGTUKLAS



QUESTION 4

Bilang mga Kristiyano ano ang natutunan natin sa mga talatang ito? Ano ang itinuro sa atin na gawin bilang isang simbahan at bakit ito mahalaga?


Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAGTUKLAS



QUESTION 1

Paanong ang mga isyu na inilantad sa parehong Acts 5:1 - 16 at 1 Corinthians 11:17 - 34 ay mahalaga sa simbahan?




Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAG-UNAWA

QUESTION 2

Pansinin ang pariralang “kaya nga” sa simula ng talata 27. Ano sa palagay mo ang lohikal na koneksyon mula sa 1 Mga Taga-Corinto 11:23-26 sa konklusyon ni Pablo sa talata 27, na kung ang isang tao ay nakikibahagi sa Hapunan ng Panginoon sa isang hindi karapat-dapat paraan ay katumbas o nagreresulta sa pagkakasala? Sa madaling salita, ano ang tungkol sa Panginoong Hapunan na nagkasala sa isang tao kung sila ay lumahok dito sa isang hindi karapat-dapat na paraan?




Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAG-UNAWA

QUESTION 1

Sino ang epekto ng buhay ng mga miyembro/attenders ng KBCF sa iyong paghahangad ng kabanalan? Kung hindi ka hinihikayat sa iyong nakikita, ano ang gagawin mo tungkol dito?



Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAGTUGON

QUESTION 2

Hinihikayat ba ng iyong buhay ang mga KBCTer na ituloy ang kabanalan? Kung hindi, ano ang balak mong gawin tungkol dito?




Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAGTUGON

QUESTION 3

Ilarawan kung paano mo nakikita ang KBCF na may dedikadong puso, na lumalapit sa harap ng isang banal na Diyos. Manalangin at hilingin sa Diyos na dalhin ito sa katotohanan.




Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAGTUGON

QUESTION 4

Ano ang iba't ibang hakbang na iyong ginagawa upang makaharap sa Panginoon nang may tapat na pusong walang pagkukunwari, kasakiman at panlilinlang? Pasiglahin ang bawat isa sa panalangin.



Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

PAGTUGON



Mga Gawa 5:1 - 16 at I Corinto 11:17 - 34

Mahalagang Prinsipyo sa Buhay



PAGTUKLAS



PAG-UNAWA



PAGTUGON



MAHALAGANG PRINSIPYO SA BUHAY

“Dahil ang ating Diyos ay banal, lumapit tayo sa Kanya nang may tapat na pusong malaya sa pagkukunwari, kasakiman at panlilinlang.”



Small Group Sessions
**PANGWAKAS NA
PANALANGIN**



Pagtuklas ● Pag-unawa ● Pagtugon



BIBLE STUDY

Mga Gawa 5:1 - 16 at 1 Corinto 11:17 - 34

SMALL GROUP SESSIONS
SEE YOU NEXT WEEK!



KBCF

 kbcf.org.ph  [KBCFofficial](#)  [KBCFamily](#)  kbcf.office@gmail.com  [0917-886-6650](tel:0917-886-6650)  [8927-7420](tel:8927-7420) | [8928-6584](tel:8928-6584)